**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON SECRETARY HARRY ROQUE**
**November 15, 2020**

**SEC. ROQUE:** [start of airing] …Trish, ang tanong po ni Trish is iyong creation ng Task Force, is it superfluous daw ho sa NDRRMC?

Hindi naman po ano dahil ang sabi ng Presidente, this Task Force will be headed by the Executive Secretary with all the members of the Cabinet constituting its members. So, ito ay para lang, number one – wala pa kasing Department of… anong tawag doon? Department of Resilience? Anong tawag doon? Department of Disaster Resiliency at habang wala pang permanent body na gaganap ng role ng Department of Disaster Resilience eh importante pa rin itong magkaroon ng ganitong body para mas mapabilis po iyong pagbigay ng tulong sa ating gobyerno and since it is headed by no less than the Executive Secretary himself, inaasahan po natin na mas mabilis iyong pagbibigay ng tulong sa ating mga kababayan.

Okay. Please ask questions now. Identify yourself and direct your question kung kaninong Cabinet member po ito. Please go ahead.

I think we're being carried live also by PTV 4 and RTVM. Go ahead please, identify yourself, please…

**TERESA CAMPOS/RP TUGUEGARAO:** Thank you, Spox. Teresa Campos, Radyo Pilipinas Tuguegarao. Iyong sinasabi po ni Secretary Año na isang task force na bubuuin para po regulated iyong pagpapalabas ng tubig sa Magat na siya pong nagpahirap sa mga Cagayanos, how soon can we realize that po, Secretary, sir?

**SEC. ROQUE:** Secretary Año?

**SEC. AÑO:** Sa susunod na NDRRMC meeting ay isasama na namin ito sa discussion. Ito naman ay para lang ma-manage, ma-synchronize kung papaano iyong pagbubukas ng tubig ng dam during calamities or typhoons. In normal times they follow their protocols but during typhoons there must be someone managing the opening of the dams in order to control the flow of water that would affect the LGUS and induce flooding.

**TERESA CAMPOS/RP TUGUEGARAO:** Have we spoken to the authorities po, from Magat sir, to explain also their side what happened.

**SEC. AÑO:** Hindi pa naman, but we will invite them, we will discuss. Mayroon kasing nag-ii-study kung ano talaga iyong epekto nitong pagbubukas nang sabay-sabay ng dam.

**TERESA CAMPOS/RP TUGUEGARAO:** Thank you po, sir.

**SEC. ROQUE:** Pero gusto ko ring iparating sa inyo na mayroong formal study na ginawa po ang dalubhasa sa UP, si Dr. Siringan at compounded po iyong dahilan ng flooding ng Cagayan kasama na po diyan iyong narrowing ng Cagayan River na nai-discuss kanina kasama na diyan iyong deforestation, kasama na po diyan iyong population na rin sa tabi ng river. Pero pinaka-importante po iyong sinabi kanina ni Secretary Cimatu na kinakailangan talagang i-dredge iyong portion of Cagayan River na nagna-narrow po kasi doon po iyong nagiging choke point ng tubig. May isang ilog po doon that leads to Alcala, kaya Alcala is also one of the heaviest hit localities of the province.

Next question, please. Please identify yourself.

**JOSHUA KAHULUGAN/THE NORTHERN FORUM:** Joshua Kahulugan from the Northern Forum po sa local media. Spox, ask ko lang po, magkano po ang dala-dala ngayon ng Palace na initial na siguro na ibinigay/ayuda dito sa province of Cagayan or dito sa buong Region II and of course, ano po ang pinaka-priority sector natin ngayon na tinutulungan?

**GOVERNOR MAMBA:** Ang Department of Agriculture po ngayon nagbigay po sa atin ng 846 million, plus additional 18 million para sa rice sa bawat town. Of course, we also have a TUPAD of 50 million given by DOLE then another five million na ibinigay din ni Senator Bong just now and marami po, marami po. I hope we will have time for that, I understand.

**SEC. ROQUE:** Sasagutin din po iyan ni Secretary Villar dahil siyempre po, nasalanta ang mga kalye. Iyong quick reaction fund po ng DPWH.

**SEC. VILLAR:** Opo. Nakapag-identify kami ng 1.6 billion worth of projects na kailangan gawin dito sa Region II and mayroon kaming P1-Billion na standby fund na puwede naming gamitin kapag may kalamidad. At kausap ko po si Sec. Avisado at kinomit naman niya na iri-replenish niya kaagad kapag kailangan namin. So, tuluy-tuloy po ang pagri-repair at pag-aayos ng mga damaged infrastructures.

**SEC. ROQUE:** Apat na bilyon iyan, mahigit-kumulang apat na bilyon. Okay, next question please. Chiara?

**Q:** Umiikot po kami dito at parang nagbago na iyong preference ng mga residente. Una, [unclear], lahat sila gusto nilang magpa-rescue/lumikas pero ngayong humuhupa na, they all want to stay kahit na submerge pa ang bahay nila. Where we are concern, sir, in terms of efficiency at saka sustainability noong pagpapakain sa kanila? Ano po ba ang preference ninyo, na sila ay ganito, na manatili sa kanilang mga bahay at hahatiran o dapat ba iri-recommend ninyo ba sa kanila na sumama sa rescuers at magtipon-tipon sa mga evacuation center?

**SEC. AÑO:** Depende sa kinalalagyan nila. Maganda talaga na ipon-ipon sa evacuation center para isa na lang iyong pagma-manage at pagpapakain natin pero in the next two days kasi we

expect magsu-subside na talaga. So, iyong una kasi, noong November 13 ng gabi, we do not know kung tataas pa, talagang nagpunta sa bubong, ang utos natin doon, lahat ng nangangailangan ng tulong, hakutin natin at dalhin talaga sa evacuation centers. So, walang tigil ang Coast Guard, ang PNP, ang AFP, ang Bureau of Fire, pero sa ngayon we will give preference sa mga mamamayan kung ayaw na nilang umalis kasi mas comfortable sila sa kanilang lugar. We will just make the ways kung paano sila mabigyan ng pagkain, ma-rasyonan ng pagkain.

**Q:** This is for Secretary Cimatu naman po or anyone who feels that they could properly answer. This is about Governor Mamba's earlier statements about considering filing a class suit against the administrators of Magat Dam. Ang tanong ko lang po, mayroon po ba tayong nakikitang shortcomings/lapses doon sa nangyaring pagpapakawala ng Magat Dam ng tubig? Alam nating kailangang magpakawala sila, pero iyong paraan po, nakikita ninyo ba na mayroong pagkakamali sa kanilang paraan? Would you support if ever the local government, the provincial government files a class suit against Magat Dam's administration?

**SEC. CIMATU:** Regarding on the Magat Dam, hindi ko masyadong napag-aralan pa iyan, in fact, that was mentioned during my meeting with my agency dito. Pero on the theory side, on the theoretical side, the total water na bumaba dito ay coming from the 18 rivers, iyan ang initially na bumaba. Now, kung nag-release pa sila, iyong na-release na iyon ang idadagdag doon sa total volume, so ganoon ang epekto. Pero kapag sarado iyon, hindi na kasama. Iyong instantaneous na increase lang naman sa dam, iyan ay dagdag sa total na bumaba.

But when I was telling the President, the total volume of water na bumagsak came from 18 rivers and from the provinces of Quirino, Nueva Vizcaya, Isabela, Cagayan plus Mountain Province, iyong mga galing dito sa Apayao, Kalinga. Ito po ay nagsama-sama po iyong bumaba doon. So, pinaka-compute ko rin iyong total volume of water na bumagsak dahil sa rain. So, kung idagdag mo lahat iyong total volume of rain, i-compare mo sa capacity of the Cagayan River ay talagang sumobra. Mas maraming bumagsak kaysa iyong kaya ng river, iyon ang nangyari.

Ngayon kung magdagdag ulit ng one hour siguro na pagbagsak from the Magat River, iyon lang ang may dagdag. So, ganoon iyon ang ano. Hindi pa napag-aralan kung ilan ang volume pero I was thinking, sinabi kanina that the volume of ano, is Magat River is 3,400 cubic meters per second, iyon ang ano noon, iyan ang flow rate for that particular na ano… But as to the total na contribution niyan to the total volume ay hindi pa nakuha. So I cannot safely say that malaki ba ang nai-ano, iyong pag-release sa Magat River. That should still be properly investigated or studied.

**Q:** Last two questions, Sec. Medyo lumayo tayo sandali sa Cagayan at iyong very emotionally-charged issue regarding the DENR and the dolomite project. Hindi pa po namin masyadong naririnig iyong views ninyo tungkol dito? Yes, ano po ba ang pananaw natin kay dolomite beach?

**SEC. CIMATU:** Sa Manila?

**Q:** Yes, sir.

**SEC. CIMATU:** Doon ko na lang siguro sagutin sa Manila.

**SEC. ROQUE:** Kung pupuwede dito muna tayo sa bagyo dito sa Cagayan. Bago po magpatuloy si Chiara ano, may announcement lang si Secretary Dar tungkol doon sa naging donasyon ng National Food Authority. At saka si Secretary Bello, iyong TUPAD na nai-release mo dito sa Cagayan at iba pang mga lugar.

**SEC. DAR:** Yeah, gusto kong ulitin po iyong commitment ng Department of Agriculture dito po sa Region II. Tamang-tama nga na itong dry season planting ay kinakasa na namin bago dumating itong Typhoon Ulysses. So for the province of Cagayan, mayroon tayong naibigay kanina kay Governor Mamba na 846.7 million, kasama na rin iyon iyong rice na donation galing DA, NFA na 14,500 bags – ang value noon ay 18 million pesos. Now, for Isabela, ang ayuda po natin niyan para dito sa dry season planting, 1.01 billion; sa Nueva Vizcaya, 148 million pesos; and Quirino, 96 million pesos.

Now, gusto ko ring banggitin na itong total value now of damages simula po itong last four weeks na mga typhoons ay umaabot na, agricultural damage and losses, 10 billion pesos. Pero iyong na-save naman gawa ng early warning system ay umaabot na rin ng 32 billion pesos, okay.

Now, ang katanungan: Mayroon ba tayong sapat na rice supply in spite of all of these typhoons. Ang damage out of the rice ay equivalent to six days. Okay, six days pero mayroon tayo namang imbentaryo na 98 days. So suma total, we have still 92 days na inventory sa rice, enough for the next three months or so, even beyond this year. Ganoon po.

**SEC. ROQUE:** Okay. Thank you, Secretary Dar. And quickly, Secretary Bello, iyong amount of TUPAD na nai-release ninyo kasi hindi ninyo nabasa kanina kay Presidente.

**SEC. BELLO:** Doon naman po sa TUPAD, ito iyong emergency employment program. At binigyan po namin ng authority si Governor Mamba na mag-hire ng limang libong tao para maglinis at mag-ayos sa Lalawigan ng Cagayan.

Ganoon din ang ibinigay namin kay Governor Albano ng Isabela na makapag-hire ng limang libong workers para sila ang maglinis at mag-ayos ng Lalawigan ng Isabela.

Mayroon pa kaming ibang programa, iyong tinatawag na CAMP (COVID-19 Adjustment Measures Program), magbigay ng tig-limanlibo sa bawat formal worker na hindi makapagtrabaho dahil sa COVID-19 at dahil sa Bagyong Ulysses.

Mayroon ding binigay si Presidente na isang bilyon para sa mga anak ng mga OFWs na gustong mag-aral, tig-30,000 bawat isang anak ng OFW na nawalan ng trabaho. Mayroon din silang tig-10,000, lahat ng mga OFW na nawalan ng trabaho, tig-10,000. Kung nandoon pa sila abroad, tig-200 dollars po ang ibibigay namin.

Iyan po ang programa ng DOLE para sa mga manggagawa.

**SEC. ROQUE:** Last question.

**Q:** Huli na po, kay Usec. Jalad. Sir, so lahat ng information na related to all of the typhoons na dumating, na-communicate naman. Pero mayroon pong mga nagri-react na parang iyong the urgency of what will happen and what must be done, parang doon daw hindi na-manifest, naparamdam kung gaano kalaki, gaano kadelikado iyong darating. Mayroon po ba kayong ganoong, kumbaga, learning or observation na baka kailangan nating i-improve iyong pagpuntirya, pag-stress ng urgency of things?

**USEC. JALAD:** Bago dumating ang bagyo, mga dalawa o tatlong araw, part doon po sa resulta ng meeting namin ano, iyong tinatawag na pre-disaster risk assessment meeting, kapag nagkaroon kami ng mga communications through the different national government agencies ano, especially doon sa mga uniform services kasi nga recognizing na medyo may handicap tayo sa communications dahil iyong telcos ay hindi pa 100%; power ay hindi pa rin 100%, so iyong may TV ay hindi rin makakapanood ng TV. And mayroon kaming press release tungkol diyan, siguro kung i-Google ninyo iyan, I think it is only PNA nagkarga niyan.

Siguro ang learning ko is tatawagan ko si Chiara, pakikarga mo nga ito. Tatawagan ko iyong iba't ibang media personalities, pakikarga ninyo nga ito, not relying on sending them to our Viber group; not relying on sending them through iyong network natin sa defense press corps.

**Q:** Sir, parang iyong media ang hindi nakapag-pick up ng proper information? Iyong media ang hindi naka-pick up ng proper and timely information?

**USEC. JALAD:** Oo, iyong advanced information natin, malayo pa si Ulysses, hindi iyon na-pick up ng media pero pinalabas namin iyon. But PNA picked that up. At ang makikita mo na information or advisories ng NDRRMC, dahil nga hindi nakarga iyon is iyon lang, iyong mga emergency alert and warning messages natin.

But ang ina-advocate natin talaga is preemptive evacuation, and iyon naman ay naiku-communicate natin through our normal channel at saka through the media. In the press briefing ay ina-advocate natin iyan.

So malaki ang tulong ang magagawa ng media kung ika-capture nila nang husto iyong messages namin.

**SEC. ROQUE:** Okay. Next question?

**SEC. LORENZANA**: Chiara, dagdagan ko lang iyon. Palagay ko naman ay hindi na nagkulang iyong NDRRMC ng pag-alert ano. Kasi ako mismo, nakakatanggap ako ng alert sa telephone ko eh na nagsasabing may malakas na pagdating ng ulan, iyong mga nasa mababang lugar lumikas kayo. Now, pangalawa, itong mga tao rito, alam naman nilang binabaha ito eh at saka hindi naman namin malaman kung gaano kataas iyong baha. But they know from experience how high the water will become, so dapat that is their personal responsibility to take preemptive action.

Iyong urgency, iyong nagsasabi ng urgency – we have been very consistent in announcing the urgency of the situation. So hindi nila puwede kaming i-charge sa NDRRMC na nagkulang kami. Thank you.

**SEC. ROQUE:** Next question, please. Identify yourself.

**Q:** Yes, good afternoon. I'm Rex from CNN Philippines. Tanong ko lang po, una, siguro kay Governor Mamba or kung sinumang puwedeng makasagot: Paano iyong mga private groups na gustong tumulong, gustong pumunta dito sa Cagayan, may mga requirements pa ba silang kinakailangan? Kasi iyon yata iyong parang iniisip nila eh, makakapasok ba kami? May mga requirements ba? Baka ma-quarantine? So iyon.

**GOVERNOR MAMBA:** Medyo kinuwan po ni Secretary 'no, medyo wala na ho iyong quarantine but we do our testing 'no, the antigen test na ginagawa po, or the PCR test, that's possible also.

Pero mayroong mga fake news kasi na lumalabas na ika-quarantine lahat iyong papasok dito, pati media. That never happened po. Lalung-lalo na ngayon, as you can see, ang dami nating media personalities ngayon dito. Even international media – CNN, BBC, Al Jazeera – they all here with us, and of course local and the national media. That never happened po.

And kapag ganito po ang nangyayari dito, ang dami pong tumutulong talaga 'no from the private sector; and we all would like to thank all of them po. Nasanay na po silang tumulong dito sa Cagayan, and maraming, maraming salamat po sa tulong ninyo.

**SEC. LORENZANA:** I'll add to that. Because we have several experiences already of people coming into an area devastated tapos tutulong daw sila. But ang problema niyan, pagdating sila diyan, kailangan nila ng housing, kailangan nila ng food - the works. So instead of coming here, bakit hindi na lang idaan sa NDRRMC iyong mga tulong nila – goods, whatever – kami na ang bahalang magdala dito, in that manner hindi magiging ma-overwhelm iyong facilities ng probinsiya. Thank you.

**Q:** Okay. Tapos naman regarding sa rescue 'no. Alam naman natin na ginawa naman ng Coast Guard iyong talagang pagsagip doon sa mga tao na nasa bubong 'no. Pero ang sinasabi rin ng

mga residente, kulang daw sa rescue boats. So ano kaya ang masasabi natin dito and ano ang mga plano natin moving forward?

**SEC. ROQUE:** Wala na po dito si Secretary Tugade at ang Coast Guard, pero I think I can respond to that 'no. Kasi po noong immediately after na lumabas nga iyong balita na may baha, as early four in the morning – alam po ni Usec Jalad iyan – ay nagku-coordinate na kami doon sa mga action taken. At amongst the reported action taken was, mayroon po talagang naka-preposition na dito – air assets at saka mga rubber boats.

As early as 4 A.M., it was reported to us by NDRRMC na nag-deploy pa ng additional air assets and additional rubber boats 'no. So, Governor, would you like to add?

**GOVERNOR MAMBA:** This is very peculiar po. This is, sabi ko nga kanina, it happened 45 years apart. The last time we had this kind was 1975. It was unexpected po 'no. Pero as far as rescue, talagang mahirap po because all our national road, practically from Tuguegarao hanggang sa Aparri, underwater po iyan; hindi na namin nagamit ang kuwan namin.

If you have to use boats and go across Cagayan River – Cagayan River is lost. It's an ocean. Nakita ninyo naman po 'no from Cordillera hanggang doon sa Sierra Madre, tubig po lahat iyan. So really 'no, papatsi-patsi lang po iyong makikita mo kapag nasa taas ka. And it was really hard to go to them kaya we sought the help 'no, iyong tulong po ng Air Force, ng PNP kaya ang dami po nating air assets ngayon dito. Iyon po ang nag-rescue, iyon din po ang nagbigay ng mga relief goods natin. Otherwise, hindi po namin kaya ito, sa capability namin sa lokal.

**SEC. ROQUE:** Dagdag si Sec. Año tapos si Usec. Jalad.

**SEC. AÑO:** On the part of the national government, mabilis naman iyong reaksiyon at paglilipat ng mga resources. In fact, si General Sinas, iyong Chief PNP, kahapon pa lang ay nandito na siya; na-direct kaagad niya iyong mga PNP assets from Region III, CAR and Region I, even the SAF ay nakarating kaagad dito. So ganiyan naman iyong ating pagkilos, kung saan may kailangan, punta kaagad iyong resources doon.

On the part of the LGUs naman, we will encourage the LGUs to include in their 2021 budget the procurement of boats, especially LGUs na may mga low-lying areas at katabi ng mga major rivers at mga basins natin. It's really important for future planning ay maisama na natin ito kasi we are visited by average 20 typhoons a year. Especially sa mga eastern seaboard, kailangan ay mayroon tayong budget to procure boats.

**USEC. JALAD:** Well, kailangan mag-invest talaga ang LGUs at saka iyong mga iba pang uniformed services on rubber boats. Pero hindi dapat tayo mag-rely lang sa rescue operations. Imagine, naka-reflect dito sa Region II na rescued and evacuated individuals, 51,000. With a load of, say, four people in every rubber boat, that's about 12,000 sorties of rubber boats. Ang hirap i-manage kaya preemptive evacuation tayo. Ang evacuation natin should be parang

iyong mga tao comfortably naglalakad papunta sa bus, naglalakad wala pang tubig, rather than nagwi-wade sa tubig papunta doon sa rubber boat kasi hindi iyon safe. At risk din iyong ating mga rescuers, at mayroon ngang nakuryente 'di ba.

So preemptive evacuation. Ang trigger for evacuation should be the advisory na mag-release na ito ng tubig. Advisory na torrential rain iyong diyan sa kabundukan, hindi hihintayin na babaha.

**SEC. LORENZANA:** Dagdagan ko lang iyon. Kasi tulad ng sabi ko kanina, iyong lugar na iyan ay binabaha naman 'di ba, Governor, alam naman nila iyan eh – even it was a 45 years ago. But two years ago, nandito rin kami, kami ni Presidente. So if I may suggest, Governor, why don't the barangays or the towns invest on boats already, iyong mga nababaha, para kung dumating iyan, they can start evacuating their people before help can come in. Kasi huwag nating hintayin iyong mga tao na nakaakyat sa bubong bago tayo mag-react. 'Di ba, Governor? That's my suggestion. Thank you.

**SEC. ROQUE:** Si Usec. Ruth ay may announcement on price freeze from the Department of Trade and Industry, please.

**USEC. CASTELO:** Maraming salamat, Secretary Roque. Paalala lang po: Under the Price Act, automatic ang price freeze upon the declaration of a state of calamity. Lahat po ng basic necessities ng lahat ng implementing agencies ng Price Act, kasama po ang Department of Agriculture at Department of Health for essential medicine, and DTI for manufactured food products, hindi pupuwedeng gumalaw pataas. Puwedeng ibaba ng retailers, pero hindi pupuwedeng umakyat iyong presyo na mas mataas doon sa current market price niya or suggested retail price kung mayroon. Effective po for 60 days iyong price freeze natin upon the declaration.

**SEC. DAR:** Yeah, gusto ko lang dagdagan na itong price freeze ay hindi lang po dito lang sa Ulysses but in all typhoon-affected provinces in Luzon. So let's highlight the fact that dapat hindi talaga magtaas ng presyo from agricultural products to processed products. Salamat po.

**SEC. ROQUE:** Okay. Last question, please.

**Q:** [OFF MIC] ninyo para doon sa mga taong nasaktan, sa mga taong galit, sa mga taong nag-abang sa bubong, ano na lang iyong mensahe ninyo para sa kanila?

**SEC. ROQUE:** Malinaw po ang iniwang salita ng ating Presidente: Wala pong maiiwan, walang iwanan. Nandito po ang administrasyon ni Presidente Duterte para bigyan kayo ng tulong at bigyan ng solusyon iyong mga paghahamon na hinaharap natin bilang isang bansa. Wala pong iwanan.

Yes, ma'am?

**Q:** Para po ulit kay Secretary Año. Sir, lahat po ba ng mga LCEs (local chief executives) sa Region II present during this calamity po?

**SEC. AÑO:** For Region II, we accounted all the LCEs except for one. There is one missing from Isabela. Ito ay hindi accounted and we will let him explain.

**SEC. ROQUE:** Okay, kung wala na po kayong questions – maraming, maraming salamat po. Ang ating mga secretaries ay iikot pa ng probinsiya; iyon iba naman po ay babalik na sa Maynila.

Malinaw po ang mensahe na ipinarating ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte dito sa mga taga-Cagayan: Hindi po niya kayo iiwan. Lahat po ng mga pangangailangan, susubukang ibigay ng gobyerno. At magbabayanihan po tayo, we will heal as one; we will recover as one.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

*##*

--

***SOURCE: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)***